

BAKIT MAY MAG-AALAY NG BUHAY PARA SA'YO?

ISANG PAG-IBIG NA HINDI MO
KAILANMAN KAYANG SUKLIAN.

“Ngunit ipinakita ng Diyos ang kanyang
pag-ibig sa atin nang mamatay si Cristo
para sa atin noong tayo'y makasalanan pa.”

— ROMA 5:8 —

- Ang pinakadakilang pag-ibig sa kasaysayan ay para sa iyo.
- Isipin mong may taong nagbayad ng utang mo...
- Tinanggap ang parusang para sa iyo...
- At ibinigay ang sariling buhay upang ikaw ay mabuhay.
- Parang imposible.
- Ngunit iyan mismo ang ginawa ni Hesukristo.

"Ngunit ipinadama ng Diyos ang Kanyang pag-ibig sa atin, sapagkat noong tayo'y makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin."

Roma 5:8

BAKIT KINAILANGANG MAMATAY SI HESUS?

- Hindi lang tayo nagkakamali.
- Lahat tayo ay nagkasala.

"Sapagkat ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos." Roma 3:23

- Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan.

"Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan..."

Roma 6:23

- Walang mabuting gawa, relihiyon, o sariling pagsisikap ang makapag-aalis ng ating kasalanan.

ANO ANG GINAWA NI HESUS?

- Namuhay si Hesus nang walang kasalanan.
- Namatay Siya sa krus bilang kapalit natin.
- Inilibing Siya.
- At muling nabuhay sa ikatlong araw.
- Dahil binayaran Niya ang ating utang, iniaalok ng Diyos ang kapatawaran at buhay na walang hanggan bilang libreng kaloob.

"Kayo'y naligtas sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya... hindi dahil sa mga gawa." Efeso 2:8–9

- Sinabi ni Hesus,

**"Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makaparoroon sa Ama kundi sa pamamagitan Ko."
Juan 14:6**

ANG IYONG PASYA

- Hindi lamang namatay si Hesus para sa sangkatauhan.
- Namatay Siya para sa iyo.
- Magtitiwala ka ba sa Kanya ngayon?
- Magsisi sa iyong kasalanan.
- Sumampalataya kay Hesukristo.
- At tanggapin ang Kanyang kapatawaran at buhay na walang hanggan.

"Manampalataya ka sa Panginoong Jesus at maliligtas ka." Gawa 16:31

- Buhay si Hesus.
- Tinatawag ka Niya ngayon.
- Paano ka tutugon?
- Ipanalangin mo ito ngayon.

***Panginoong Hesus,** salamat sa Iyong pagkamatay sa krus at muling pagkabuhay para sa akin. Inaamin kong **ako ay makasalanan,** at humihingi ako ng Iyong kapatawaran. Nagsisisi ako sa aking mga kasalanan at nagtitiwala lamang sa Iyo bilang **aking Panginoon at Tagapagligtas.** Salamat sa kaloob Mong **buhay na walang hanggan.** Tulungan Mo akong sumunod sa Iyo mula sa araw na ito.*

Sa Pangalan ni Hesus, Amen.